

Ang Pag-usbong ng Ginintuang Panahon ng Panulaang Waray¹ (1900 – 1910): Isang Historikal na Pagtimbang sa mga Siday ni Iluminado Lucente

Ian Mark P. Nibalvos
Samar State University – Paranas Campus
ianmark.nibalvos@ssu.edu.ph

ABSTRAK

Tatalakayin sa papel na ito ang nilalaman ng mga *siday* ni Iluminado Lucente, bilang dakilang makatang Waray, at bibigyang-interpretasyon ang kalagayang panlipunan at ang ilang mga salik na nagtutulak sa paglikha ng mga ito. Ito ay tangkang pag-uugnay sa mga larang ng panitikan at kasaysayan upang makabuo ng imahen ng kalibutang Waray sa panahon at espasyong sinasaklaw ng pag-aaral. Ito ay nakabalaybay sa paniniwalang ang kasaysayan at panitikan ay batis ng karanasan, pangyayari, at kamalayan sa pagkatao ng mga mamamayan sa isang partikular na bayan o pamayanan. Upang mahulma ang metanaratibo ng ugnayang panitikan-kasaysayan, tutugunan sa papel na ito ang tatlong layunin: 1.) mailarawan ang pag-usbong ng panulaang Waray sa unang bahagi ng Siglo 20 (1900 -1910) sa pamamagitan ng paglalahad ng mga pangyayaring nagtulak sa pag-unlad nito, 2.) mabigyang pakahulugan ang mga pangyayari sa kasaysayang mababakas sa mga *siday* ni Iluminado Lucente na naisulat sa panahong saklaw ng pag-aaral, at 3.) maipaliwanag ang kabuluhan ng pagsusuri sa mga *siday* ni Lucente at ang pag-uugnay nito sa kalagayang panlipunan sa panahong pinag-aaralan sa kasalukuyang estado ng lipunang Waray.

1 Hanggang sa kasalukuyan, malaking usapin pa rin ang paggamit ng terminong “Waray” bilang bansag sa wika at sa mga taong naninirahan sa Samar at Leyte. Sa panahong saklaw ng pag-aaral na ito, “Bisaya” o “Binisaya” ang katagang ginamit lalo na ng mga miyembro ng Sanghiran san Binisaya (Akademya ng Wikang Binisaya). Negatibo rin ang pagtingin ng marami sa salitang “Waray” dahil literal itong nangangahulugan na “wala” o kung iuugnay sa estado ng kabuhayan ng mga tao sa Samar at Leyte, maaaring sabihing sila ay “walang-wala sa buhay” o “mahihirap na tao.” Iginigiit ni Agustin El O’Mora sa kaniyang *siday* na “Ngaran Han Pinulongan” (Ang Tawag sa Ating Wika) noong 1957 na hindi “Waray” o “Waray-Waray” ang tawag sa wika sa mga lugar na ito kundi ito ay maling pagbabansag at pambabastos sa pananalita ng taga-Silangang Bisayas (Nibalvos, 2018, p.62). Subalit sa paglipas ng mahabang panahon, unti-unti na ring niyakap ng ang terminong ito. Sa pagsusumikap ng maraming Samarnon at Leytenhon na magtagumpay sa ano mang larang sa buhay, nababahiran na rin ng positibong pagtingin ang salitang “Waray.” Para kay Voltaire Oyzon, ang paggamit ng terminong Waray ay pagyakap sa salitang itinuring na pambabastos sa lahing Leytenhon at Samarnon at ito ay pagtanggap sa salita bilang positibong tatak na pagkakakilanlan at dapat ipagmalaki ng mga taong nakatira sa rehiyon (Agustin 2014, 104). Nakita rin niya ang kahalagahan ng paggamit sa terminong ito bilang pamukod sa ibang mga pangkat o lugar sa Kabisayaan tulad ng mga Sebwano at ang kanilang wika na tinatawag nilang “Bisaya.” Sa papel na ito at sa mga susunod pang mga pag-aaral ng mananaliksik, gagamitin ang salitang “Waray” upang mapangibabaw ang pagkakakilanlan ng mga taga-Samar at Leyte.

Mga Susing Salita: *Siday*, Araling Samar-Leyte, Imperyalismo, Kolonyalismo, Kasaysayang Pampanitikan

ABSTRACT

This paper will understand the content of Iluminado Lucente's poems, as the great Waray poet, and will interpret the social situation and some factors that drove their creation. This is an attempt to connect the fields of literature and history in creating an image of the Waray in the time and space covered by the study. It is based on the belief that history and literature are streams of experience, events, and awareness of the personality of the people in a particular town or community. To shape the metanarrative of the literary-historical relationship, this paper will address three objectives: 1.) describe the development of Waray poetry in the early part of the 20th Century (1900 -1910) by presenting the events that pushed its changes, 2.) to be able to interpret the historical events that can be traced in the writings of Iluminado Lucente that were written during the period covered by the study, and 3.) to be able to explain the significance of the analysis of Lucente's writings and its connection to the social condition of the period -study the current state of Waray society.

Keywords: *Siday*, Samar-Leyte Studies, Imperialism, Colonialism, Literary History

INTRODUKSIYON

Sa matagal na panahong pananakop ng mga Espanyol sa bansa, hindi lamang nito sinupil ang karapatan ng mga Pilipinong mabuhay sa katimawaan kundi pinatulog din nito ang kanilang kalayaan sa paglikha ng sining lalo na ng mga akdang pampanitikan. Umiral sa mahabang panahong ito ang mga akdang pumapaksa sa relihiyon tulad ng mga basal, mga akdang tungkol sa mga santo o santa, at mga dula o pagtatanghal na may kaugnayan sa ilang mahahalagang kapistahang panrelihiyon tulad ng panunuluyan, pasyon, tibag, at senakulo. Pinairal ng mga mananakop ang paghihigpit sa paglilimbag ng mga aklat o ang pagtatayo ng mga limbagan at pahayagan sa buong kapuluan sa pamamagitan ng itinayong Palagiang Lupong Tagasuri o *Comision Permanente de Cesura*. Binubuo ito ng isang pangulo, ang *Fiscal de la Audiencia*, at walong kagawad (apat ang pinili ng *Arzobispado* at apat naman ang hinirang ng *Gobierno*) (Santos, 2013, p.36). Hindi lamang mga akdang Pilipino ang napangibabawan ng kapangyarihang ito kundi maging ang mga likhang dayuhan kasama na iyong mga nakasulat sa wikang Kastila. Pagbabanggit ni Lope K. Santos sa kaniyang panayam na binigkas sa Bulwagang Villamor, Unibersidad ng Pilipinas (UP) noong ika-23 ng Hunyo 1938, "...di-lamang panitikang [P]ilipino ang sukat nakaramdam ng pagkabilanggo sa sariling bahay, na araw-gabi'y may-tanod, kundi pati panitikang Kastila, na sana'y dapat makagitaw nang buong luwag, pagka't Espanya ang dito'y makapangyarihan?" (Santos, 2013, p.37). Ito marahil ay taktikang ginamit ng

mga dayuhan nang sa gayo'y hindi magtamasa ang mga Pilipino ng mga karunungan magpapalamang sa mga mananakop. Ang mga nobelang naisulat ni Dr. Jose Rizal, bagamat naipamahagi sa ilang mga Pilipino, ay nagtulak naman sa kaniya sa landas tungo sa kamatayan.

Tila unti-unting nakahulagpos sa pagkakatali ang mga manunulat sa pagpasok ng bagong yugto ng kasaysayan ng bansa, ang pagpapalawak ng imperyalismong Amerikano sa kapuluan. Umusbong ang ilang mga palimbagan o mga pahayagan sa ilang sentrong lungsod. Ito ang nagbunsod sa pagkabuhay ng panitikang Pilipino lalo na ang panitikan sa mga rehiyon. Sa Silangang Bisayas, ang pagsibol ng ilang mga palimbagan sa ilang pangunahing lungsod tulad ng Tacloban ang dahilan ng pamumukadkad ng panitikang Waray (Gracio, 2000, p.4). Bagamat naitatanghal sa maraming okasyon tulad ng pista ang sarsuwela sa iba't ibang bahagi ng rehiyon, nangibabaw sa panahong ito ang paglikha ng tula o ng mga *siday*. Dito unang ginamit ang *siday* bilang istandard na termino sa tulang Waray.

Noon pa mang bago tumapak sa kalupaan ang mga dayuhang Espanyol sa mga isla ng Samar at Leyte ay mayaman na ang mga katutubong Samarnon at Leytenhon sa paglikha ng tula sa paraang pabigkas. Unang naitala ng mga prayleng sina Padre Pedro Chirino at Padre Ignacio Francisco Alcina ang panulaang Waray. Ayon kay Chirino, ang mga Bisaya (kasama na ang mga Waray) ay may mga berso tungkol sa pinagmulan ng mundo, paraiso, mga delubyo at mga di-nakikitang bagay na inaawit nila sa iba't ibang mga gawain o okasyon (Nabong-Cabardo et al., 1990, p.12). Samantala, inisa-isa naman ni Alcina ang mga anyo ng tula ng mga sinaunang Waray: ang *ambahan* na inaawit ng marami o ng mga miyembro ng pamayanan sa tuwing pista; ang *bikal* na patulang diskurso o pagpapalitan ng mga berso ng dalawang lalaki o dalawang babae sa paraang debate; ang *balak* na pagpapalitan din ng berso ng lalaki at babae ngunit ang tema nito ay pag-ibig; ang *sidai* o *siday* na pinakamahirap sa lahat at itinatanghal upang papurihan ang isang tao, gunitain ang katagumpayan ng mga ninuno, at magpahayag ng paghanga sa kagandahan ng isang babae; ang *parahaya* na inaawit sa tuwing mayroong patay; at ang *awit* na kinakanta sa tuwing naglalayag, naghahabi, naglalakad pauwi mula sa palayan (Vilches, 1982, p.61; Nabong-Cabardo et al., 1990, p.12). Mayroon pang ilang mga anyong tulang naidokumento sa panahong ito tulad ng mga *titigoon* o bugtong na ginagawang laro, ang *sareta* na isang patulang pagsasalaysay sa katapangan at kahinaan ng kanilang mga pinaniniwalang diyos o bayani, at ang *luwa* na mas pormal na anyo ng pagtula na mayroong regular na estruktura at ritmo (Nabong-Cabardo, 1990, p.12-13).

Sa paglipas ng panahon, nalambungan ng impluwensiyang kanluranin ang mga anyong tulang ito ng mga katutubo. May ilang naglaho dahil na rin sa mga pagbabagong dulot ng paiba-ibang kaayusan sa lipunan. May ilan din namang napanatiling buhay subalit nagkaroon ng transpormasyon sa iba't ibang panahon tulad ng *balak* na tinawag na *amoral* (mula sa salitang "*amor*") sa panahon ng mga Espanyol at naging "*ismayling*"

(mula sa salitang “*smiling*”²) sa panahon ng mga Amerikano. Napanatiling buhay rin ang mga bugtong, salawikain at mga awitin hanggang sa kasalukuyang panahon ngunit sa mga anyo ng tulang nababanggit, tanging ang *siday* ang nagtamasa ng mataas na pagpapahalaga sa maraming mga manlilikha o manunulat.

Kaya nararapat lamang na pag-ukulan ng pansin sa papel na ito ang pagkatas ng mga kaisipan mula sa mga akdang *siday* na nilikha sa unang yugto ng pananakop ng mga Amerikano. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa nilalaman ng mga *siday* ni Iluminado Lucente, bibigyang-interpretasyon sa pag-aaral na ito ang kalagayang panlipunan at ang ilang mga salik na nagtutulak sa paglikha ng mga ito. Ito ay tangkang pag-uugnay sa mga larang ng panitikan at kasaysayan upang makabuo ng imahen ng kalibutang Waray sa panahon at espasyong sinasaklaw ng pag-aaral. Ito ay nakabalaybay sa paniniwalang ang kasaysayan at panitikan ay batis ng karanasan, pangyayari, at kamalayan sa pagkatao ng mga mamamayan sa isang partikular na bayan o pamayanan. Upang mahulma ang metanaratibo ng ugnayang panitikan-kasaysayan, tutugunan sa papel na ito ang tatlong layunin: 1.) mailarawan ang pag-usbong ng panulaang Waray sa unang bahagi ng Siglo 20 (1900 -1910) sa pamamagitan ng paglalalahad ng mga pangyayaring nagtulak sa pag-unlad nito, 2.) mabigyang pakahulugan ang mga pangyayari sa kasaysayang mababakas sa mga *siday* ni Iluminado Lucente na naisulat sa panahong saklaw ng pag-aaral, at 3.) maipaliwanag ang kabuluhan ng pagsusuri sa mga *siday* ni Lucente at ang pag-uugnay nito sa kalagayang panlipunan sa panahong pinag-aaralan sa kasalukuyang estado ng lipunang Waray.

Ang Pag-usbong ng Panulaang Waray (1900-1910)

Sa usaping panitikan, pinakamayaman ang panulaang Waray partikular ang paglikha ng *siday*. Ito, ayon kay Bagulaya (2006, p.8), “...is the most dominant literary form in the region (Silangang Bisayas³).” Pinakamarami ang naisusulat o naitatanghal na mga *siday* sapagkat nagagamit ito sa iba’t ibang mga okasyon hindi lamang bilang pang-aliw sa mga nakababasa o nakikinig dito kundi maging sa ibang mga gawain tulad ng panliligaw o kasal, pagbibigay-papuri sa isang tao o mga tao, at magturo o magpamana ng karunungan (Alunan, 2017, p.90). May mga *siday* ring iniaalay sa isang taong nagdiriwang ng kaarawan, nagtamo ng tagumpay tulad ng pagkakahalal sa isang posisyon, para sa anibersaryo ng isang bayan o institusyon, at iba pa. Mayroon ding pumapaksa tungkol sa kalungkutan o kaya sa masasamang karanasang dulot ng mga kalamidad. Ang paglikha ng *siday* ang isa

2 Wala pang naisagawang pag-aaral hanggang sa kasalukuyan kung paano ito tinawag na “*ismayling*.” Masasaksihan pa rin hanggang sa kasalukuyan ang mga ganitong pagtatanghal lalo na sa tuwing pista sa Lungsod Calbayog.

3 Saklaw lamang nito ang Samar (maliban sa isla ng Capul) at Hilagang Leyte na gumagamit ng wikang Waray. Sebwan o “*Kana*” ang wikang ginagamit sa Timog Leyte.

sa pinakamadaling paraan ng pagpapahayag ng damdamin ng mga Waray na mababasa o maririnig sa tuwing mayroong inuman o umpukan, sa radyo, sa mga imbitasyon ng pista o mahahalagang okasyon, sa mga magasin o dyaryo, at sa *social media*. May ilan pang pagkakataon na nagsasagawa ng paligsahan sa pagsulat at pagbigkas nito na inoorganisa ng mga lokal na pamahalaan, mga eskuwelahan o mga organisasyon.

Namulaklak ang panulaang Waray sa unang dekada ng Siglo 20 na unang bahagi rin ng pananakop ng mga Amerikano. Mula sa tradisyong pabigkas ng mga katutubong Waray, sa panahong ito naman unti-unting naipahahayag nila ang kanilang damdamin sa pamamagitan ng pagsusulat. Pagsasaad ni Vilches (nasa Alunan 2017, p.90), "*Waray written poetry was born in the interim years between the end of the Spanish rule in 1898 and the early years of American colonization, which started shortly thereafter.*" Nababanggit din ni Gracio (2000, p.5) na "[t]he literary expression during the early period of American occupation was primarily poetry." Ang pag-unlad ng ekonomiya at ang pagsulpot ng iba't ibang mga publikasyon ang pinakapangunahing dahilan sa pag-unlad ng panulaan sa Samar at Leyte (Sugbo, 2015, w.p.; Gracio, 2000, p.4; Aurillo, 1982, p.110). Mula 1900 hanggang 1910, ilang mga pahayagan ang naging espasyo upang maipamalas ng ilang makatang Waray ang kanilang husay sa paglikha ng *siday*. Sinasabing pinakauna rito ang "*An Kaadlawon*" (Ang Bukang Liwayway) na itinatag ni Lucente noong 1906, ang "*La Voz de Leyte*" (Ang Tinig ng Leyte) noong 1907 (Alunan, 2017, p.91; Vilches, 1982, p.65). Sinundan pa ito ng ilan pang mga publikasyon tulad ng "*Eco de Samar y Leyte*," "*El Herald de Leyte*," "*An Katalwason*," "*Noli Me Tangere*," "*An Makabugwas*," "*El Fenix*," "*La Jornada*," at iba pa (Vilches, 1982, p.65).

Itinuturing ng maraming iskolar ang mga taong sakop ng 1900 hanggang 1950 bilang panahong nasaksihan ang pinakamahuhusay na mga akdang *siday* ng manunulat tulad nina Iluminado Lucente, Casiano Trinchera, Eduardo Makabenta, Agustin El O'Mora, Pedro Rebadulla, Tomas Gomez Sr., Filomeno Quimbo Singzon, Pedro Separa, Francisco Aurillo, at Eleuterio Ramos (Sugbo, 2015, w.p.). Binansagan naman ito ni Bagulaya (2006, p.25) bilang "*ilustrado period of Waray literature*" (2004, p.112) at "*golden age*" ng panulaang Waray. Hinati naman ni Gemina Q. Aurillo sa tatlong yugto ang pag-unlad ng panulaang Waray sa kaniyang artikulong "*Selected Vernacular Writers of Leyte*" (nasa Luangco 1982, p.109-125). Sinimulan niya ang unang yugto mula 1900 hanggang 1920, ang ikalawang yugto mula 1921 hanggang 1941, at ang ikatlong yugto mula 1945 hanggang sa kasalukuyan (Aurillo, 1982, p.111). Pinangalanan ni Aurillo ang mga kinilalang manunulat sa bawat yugto. Sa unang yugto, lumitaw ang mga pangalan nina Francisco V. Alvarado, Esperidion M. Brillo, Vicente I. de Veyra, Iluminado Lucente, Juan Ricacho, Norberto Romualdez at Casiano Trinchera. Sa ikalawa at ikatlong yugto, naidagdag sina Eduardo Makabenta, Ceferino D. Montejo, Agustin El O'Mora, Ricardo Octaviano, at Pedro Separa. Subalit pagpuna ni Bagulaya (2006, p.6) na ang ginawang peryodisyong ito ni Aurillo ay ibinatay lamang sa mga pangalan sa halip na tingnan ang kalagayang panlipunan o ang politiko-ekonomikong kalagayan sa panahong sakop ng bawat yugto. Kaya, ang moda ng

paglikha ng *siday* ang pinagsumikapang tuklasin ni Bagulaya sa kaniyang “*Writing Literary History: Mode of Economic Production and Twentieth Century Waray Poetry*” noong 2006. Ito rin ang susubukang suriin sa papel na ito, ang kalagayang panlipunan sa Samar at Leyte na tulak sa paglikha ng *siday* partikular sa unang sampung taon ng Siglo 20. Malawak ang saklaw ng ginintuang panahon ng panulaang Waray kaya itinakda lamang ang mga taong ito upang mas lalong mahimay ang pag-unawa sa kasaysayan ng Samar at Leyte na mababakas sa mga *siday* ni Lucente. Mahalagang yugto ito sa kasaysayang pampanitikan ng mga Waray sapagkat dito rin naitatag ang Sanghiran san Binisaya o ang akademyang nangasiwa sa pagpapaunlad ng wika at panitikang Lineyte-Samarnon.

Nakita ng ilang mga ilustrado ng Samar at Leyte ang pangangailangan ng isang institusyong mangangasiwa sa pagpapaunlad ng wika at panitikang Waray. Dahil dito, naitayo ang Sanghiran sa pangunguna ni Norberto Romualdez, Sr. noong 1909 (Vilches, 1982, p.63; Alunan, 2017, p.91). Naging miyembro naman nito sina Jaime de Veyra, Iluminado Lucente, Juan Ricacho, Casiano Trinchera, Francisco Enfectana, Espiridion Brillo, Francisco Alvarado at Eduardo Makabenta. Kalauna’y napabilang din sina Epifanio de los Santos, Serrano Laktaw, Najeeb M. Saleeby, David P. Barrows, Otto Scheerer, at Paul L. Stangle bilang mga *honorary member* (Vilches, 1982, p.63). Ang mga pangalan ding ito ang naidambanang kanon ng panitikang Waray (Bagulaya, 2006, 23; Bagulaya, 2004, p.112). Ang Sanghiran, na ninanais tularan ang *Real Academia* ng Espanya at ang *French Academy*, ay may layuning linangin, repinahin, at pagyamanin ang wikang sinasalita sa Samar at Hilagang Leyte. Upang isakatuparan ang layuning ito, hinimok ni de Veyra ang mga miyembro na magsulat gamit ang wikang Binisaya lalo na sa pagsulat ng *siday* (Vilches, 1982, p.63). Mahigpit ang panawagang ito de Veyra (nasa Luangco, 1982, p.20; Polo, 1994, p.11) sapagkat ipinakikiusap niya na:

Iwasan ang paggamit ng mga salitang hindi katutubong Binisaya hanggat sa makakaya... Mula noong nanghimasok ang mga Kastila’y madalas na nating gamitin ang Kastila sa ating pananalita. At mula rin nang dumating ang mga Amerikano sa at’y ginagamit na rin natin ang Ingles sa ating pamamahayag.

Simula nang maitindog ang Sanghiran ay marami itong pagbabagong ipinakilala tulad ng ilang mga pamantayan sa paggamit ng wikang Waray at pagsasagawa ng mga patimpalak para sa mga manunulat ng mga akdang Waray lalo na ang *siday* (Alunan, 2017, p.91). Pagsasalungguhit ni Vilches (1982, p.64), “[t]he Sanghiran has indeed, played a significant role in creating the literary awareness of the Warays in the early twentieth century.” Paggunita naman ni De Veyra sa panahong ito:

Hadto nga panahon layon himusak an paniday ngan binurak an mga siday dida han Noli Me Tangere ngan ha An Makabugwas nga pahayagan ha Leyte ug Samar. Dida hine nga panahon kilal'on ngan masangyaw an mga Lucente, mga Ricacho, mga Makabenta, mga Alvarado, mga Trinchera, mga Enfectana, mga

Bañez, mga Tarcela, mga Brillo, mga Ortiz, ngan kadam'am pa nga mga ngaran nga maluran hin damo nga paypay.

Sa panahong iyon nauso ang paglikha ng *siday* at umapaw ang mga *siday* sa mga pahayagang *Noli Me Tangere* at *An Makabugwas* sa Leyte at Samar. Sa panahong ito maisisilang at makikilala ang mga Lucente, mga Ricacho, mga Makabenta, mga Alvarado, mga Trinchera, mga Enfectana, mga Bañez, mga Tarcela, mga Brillo, mga Ortiz, at iba pang mga pangalang makadaragdag ng marami pang pahina.

Iluminado Lucente: Ang Dakilang Makatang Waray

Marami na ang naibansag kay Lucente bilang isang makata. Sa artikulo ni Charo Nabong-Cabardo na "Iluminado Lucente: Prinsipe ng Tulang Liriko sa Leyte" na nasa aklat na *"Mga Retrato han Akon Bungto at Iba Pang Akda"* na kaniya ring pinamatnugutan kasama sina Phil Harold L. Mercurio at Michael Carlo C. Villas na inilathala ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) noong 2014, sa pamagat pa lamang ay itinatanghal na si Lucente bilang "Prinsipe ng Tulang Liriko ng Leyte." Nauna na rin itong bansagan bilang "*prince of Leyte lyric poets,*" at "*The Voice of Waray*" sa artikulo naman ni Victoria S. Salazar na "Iluminado Lucente" na isinama sa aklat na "*Kandabao: Essays on Waray Language, Literature, and Culture*" na pinamatnugutan naman ni Gregorio C. Luangco at inilathala noong 1982. Kinilala rin siya bilang "*Poet Laureate in Bisaya*" noong Agosto 6, 1957 sa kapistahan ng Palo, Leyte (Salazar, 1982, p.204) at tinagurian naman siya ni Agustin El O'Mora bilang "*Prinsipe han Pinulungan Lineyte-Samarnon*" (Prinsipe ng Wikang Leyte-Samar) (Villes, 2014, p.18). Ipinukol sa kaniya ang mga bansag na ito dahil sa kaniyang napakalaking ambag sa panitikang Waray. Sa paglalarawan ni Villas (2014, p.18), si Lucente ay "walang katulad na ama ng panitikang Waray." Nakalikha siya ng mahigit 300 mahuhusay na mga tula na naisulat sa Waray (Nabong-Cabardo et al., 2014, p.10). Pagmamalaki ni Ceferino Montejo, "*[i]f Pampanga boasts of a bard and writer like Crisostomo Soto or Ilocano region boast of their Bukaneg, and Iloilo prides of their Sumakuel, Leyte too can hold own in the vitality and force that was Lucente*" (Montejo, 1962, p.4). Ang mga bagay na itong natamo ni Lucente ang dahilan sa pagturing sa kaniya bilang isang dakilang makatang Waray sa papel na ito at ang pangunahing batayan ng pagkakapili sa kaniyang mga *siday* bilang subjek ng pagsusuri sa pag-unawa sa kalagayang panlipunan ng mga Waray sa unang bahagi ng pagkubkob ng mga Amerikano sa mga isla ng Samar at Leyte.

Si Dadoy, kung siya ay tawagin ng mga taong malalapit sa kaniya ay ipinanganak sa Palo, Leyte noong 1883 (Nabong-Cabardo 2014, 10). Siya ay nag-iisang anak nina Don Ciriaco Lucente at Donya Aurora Garcia (Nabong-Cabardo, 2014, p.10; Salazar, 1982, p.214). Natamo niya ang primaryang antas ng edukasyon sa pamamagitan ng mga pribadong guro sa kanilang tahanan. Tinuruan siyang magbasa at sumulat ng wikang Espanyol at ng aritmetika ni Donya Dolores de Veyra (kapatid ni Jaime C. de Veyra na kauna-unahang gobernador ng Leyte sa ilalim ng kolonyang Amerikano at isa rin sa mga nagtatag

ng Sanghiran san Binisaya) at sumunod namang nagsilbi bilang kaniyang guro si Bernabe Victorino (Nabong-Cabardo, 2014, p.10; Salazar, 1982, p.215). Una siyang pumasok sa pormal na pag-aaral sa Colegio de San Jose sa Tanuan, Leyte na pinamumunuan naman ni Norberto Romualdez, Sr. (nakilala rin bilang makata at tagapagtaguyod ng Sanghiran) (Nabong-Cabardo, 2014, p.10; Salazar, 1982, p.215). Kalauna'y inilipat ang eskuwelahan sa Tacloban at dito pa rin ipinagpatuloy ang kaniyang pag-aaral kung saan natuto siya ng piyano at pagpipinta (Nabong-Cabardo, 2014, p.10; Salazar, 1982, p.215). Pagtuntong niya ng sekundarya, pinag-aral naman siya ng kaniyang mga magulang sa Liceo de Manila sa Maynila ngunit lumipat sa ikalawang taon sa Colegio Mercantil de Manila (kilala na ngayon bilang National University) kung saan nakapagtapos siya ng kursong komersiyo at nakatanggap ng mga parangal (Nabong-Cabardo, 2014, p.11; Salazar, 1982, p.215). Ninais pa sanang magpatuloy ng pag-aaral ni Lucente upang kumuha ng kursong abogasiya subalit napilitan siyang umuwi ng Leyte dahil nagkasakit ang kaniyang ama (Nabong-Cabardo, 2014, p.11; Salazar, 1982, p.215).

Naging matagumpay ring lingkod-bayan si Lucente. Itinalaga siya bilang kalihim ng noo'y Presidente Mayor (mayor o alkalde) ng Tacloban na si Eugenio Jaro noong 1908 (Salazar, 1982, p.213). Matapos ang apat na taon, pinalitan niya sa puwesto si Jaro noong 1912. Naging kontrobesiyal ang pagkakaluklok niya sa posisyon dahil pinaratangan siya ng pandaraya sa eleksiyon ng kaniyang kalabang si Valentin Mendiola (Salazar, 1982, p.213). Subalit, kinatigan rin ng korte si Lucente at nagdulot pa ang pangyayaring ito ng kaniyang popularidad. Noong 1913, nagwagi siya sa isang espesyal na halalan bilang kinatawan ng ika-4 na distrito ng Leyte (Salazar, 1982, p.213). Tumatak ang kaniyang mga nagawa bilang kinatawan ng nasabing distrito. Hindi niya binigo ang mga Leytenhong sakop ng kaniyang distrito dahil sa mga ipinatupad na proyekto lalo na iyong nakatuon sa kalusugan at sa pagpapataw ng parusa o hustisya. Hindi na muling tumakbo pa bilang kinatawan si Lucente ngunit nabigyan siya ng mga tungkulin sa pamahalaan bilang *Inspector de Censo* noong 1918, naging kalihim muli ni Jaro na noong 1923 ay gobernador na ng Leyte, at naging kalihim din ng Senate President na si Francisco Enage (Salazar, 1982, p.214).

Katulad ng pamamayagpag niya bilang isang politiko ay ang pagsulong din ng kaniyang karera bilang isang makata. Isa sa kadakilaang kaniyang nagawa bilang isang manunulat ay ang paghikayat sa mga Amerikanong namumuno sa limbagan na maglathala ng pahayagan sa katutubong wika. Dahil dito'y nailuwal ang kauna-unahang pahayagan sa Waray, ang "*An Kaadlawon*" (Ang Bukang Liwayway) (Nabong-Cabardo, 2014, p.11). Siya ang tumayong patnugot nito na itinuturing na pinakamahalagang pangyayari sa kasaysayan ng Samar at Leyte dahil nabigyan nito ng pagkakataon ang mga manunulat na mailathala ang mga balita, editoryal, tula, at kuwento sa Waray (Nabong-Cabardo, 2014, p.11). Subalit bago pa man dumating ang mga Amerikano ay lumilikha na siya ng mga akda. Ayon kay Villas (2014, p.21), "[s]i Lucente ay nagsulat sa panahong binaril si Jose Rizal sa Bagumbayan, pagsiklab ng rebolusyon laban sa Espanya, at pagdating ng mga bagong mananakop na Amerikano at maging ang pagsisimula ng pampublikong edukasyon." Kaya

naman hinubog ng mga pangyayari sa bansa ang mga kaisipang kaniyang nailalahad sa kaniyang mga akda tulad ng pagmamahal sa bayan.

Naging aktibo sa pagsulat ng *siday* si Lucente sa unang bahagi ng Siglo 20. Ang panahong ito rin ang ikutang-yugto ng pag-unlad ng panulaang Waray kung saan siya ang itinuring na pinakaromantiko at pinakamahusay na lirikong makata (Nabong-Cabardo, 2014, p.12). Hinangaan siya sa paggamit ng Waray sa kaniyang mga akda sa halip na sumulat gamit ang wikang Espanyol o ng Ingles. Sa kaniya, *“our language --- our Visayan language --- is part of the region’s long history: its development costs much time, like the languages of the world...the Americans, the Spanish, the Chinese do not love the Visayan language.”* Pagdurugtong pa niya, *“We, the Visayans, are the only ones who could care for its development”* (Polo, 1994, p.12). Kabilang sa kaniyang mga naging akda ay ang *“Pilipinas”* (1904), *“Panhayhay”* (1906), *“Dinumdum ko Ikaw”* (1906), *“Pagdayig”* (1909), *“Ayaw ha ak Panumdum”* (1909), *“Pag Bangon, Pepe”* (1909), *“Harupoy”* (1909), *“Las Nueve y Media”* (1909), at *“Salapi”* (1909). Sumulat rin siya ng mga *siday* para sa kaniyang mga kaibigan: ang *“Usa nga Saad”* (1902) ay isinulat niya para kay Benito Razon na inialay kay Filomena Pastor, ang *“Ha Kan Luz”* (1903) ay ginawa niya para kay Generoso Quintera na nanliligaw noon kay Luz Mate, ang *“Regina Angelorum”* (1909) ay para sa isang nanliligaw kay Isidora V. Trani, ang *“An Kanta han Guinlingo”* ay para kay Eugenio Jaro upang ialay kay Paz Pilpa na gumanap sa kaniyang mga dula, at ang *“Ha kan Mons. Hacbang”* ay alay kay Monsenyor Sofronio Hacbang na pinakabatang obispo ng Diocesis Samar at Leyte nang mahirang ito (Villes, 2014, p.12-13). Naisatitik din niya ang ilang mga pangyayari at isyu tulad ng eleksiyon, pagboto ng kababaihan, mga pananamit, kaugalian, moralidad, mga isyung politikal, at iba pang mga problema ng lipunan (Nabong-Cabardo, 2014, p.12). Maraming pang mga akdang naisulat si Lucente hanggang sa mabawian siya nang hininga noong Pebrero 14, 1960 sa Lungsod Tacloban (Salazar, 1982, p.217) dahil sa sakit na kanser.

Talahanayan 1

Mga *Siday* ni Iluminado Lucente sa Panahon ng Pag-usbong ng Panulaang Waray (1900-1910)⁴

Mga Siday ni Iluminado Lucente sa Panahon ng Pag-usbong ng Panulaang Waray (1900-1910)	
Pamagat	Taon
<i>“Usa nga Saad”</i> (Isang Pangako)	1902
<i>“Ha Kan Luz”</i> (Kay Luz)	1903
<i>“Pilipinas”</i>	1904

4 Isinama lamang ang mga siday na may petsa para sa layunin ng pagtatakda ng panahon sa pag-aaral na ito. May mga akdang hindi tinukoy ang panahon o ang taon ng pagkakasulat sa mga artikulo at mga kalipunan ng mga tulang Waray.

Mga Siday ni I luminado Lucente sa Panahon ng Pag-usbong ng Panulaang Waray (1900-1910)	
“Dinumdum ko Ikaw” (Naaalala Kita)	1906
“Panhayhay” (Hinagpis)	1906
“Pag Bangon, Pepe!” (Bumangon Ka, Pepe!)	1909
“Salapi”	1909
“Ayaw na ha ak Panumdum” (Ako’y Iyong Kalimutan Na)	1909
“Las Nueve y Media”	1909
“Pagdayig” (Papuri)	1909
“Harupoy” (Simoy ng Hangin)	1909

Hanggang sa kasalukuyan, nananatiling buhay ang kaniyang pangalan bilang dakilang makatang Waray dahil sa kaniyang di-matatawarang ambag sa panulaan ng Samar at Leyte. Hindi nabubura sa kamalayan ng mga manunulat sa rehiyon ang kaniyang kahusayan sa paglikha ng *siday*. Pagsasalaysay ni Clarita Filipinas noong 1991 (nasa Mercurio, 2014, p.31):

Si Lucente ay isang manunulat na nakasusulat nang walang pasubali. Kalimitan patuloy siyang sumusulat hanggang sa kaliit-liitang natitirang minuto na kung kaya nahahabol pa ng kaniyang mabalasik na liksi ng pag-iisip na maisatitik ang anumang pilit na nagpupumiglas sa kaniyang damdamin maging ang kaniyang mga tulang liriko. Kung kaya’t isang napakagandang obra maestro ang kaniyang nalilikha.

Hinahangaan din ni Merlie M. Alunan ang estilo ng kaniyang pagsusulat. Para sa kaniya, ang mga likhang-*siday* ni Lucente ay may mataas na kalidad kaya nararapat lang na maituro ito sa mga batang manunulat na walang kamalayan sa mahuhusay na kaisipan ng mga naunang manunulat (Villas, 2014, p.20). Hanggang sa kasalukuyan ay patuloy na kinilala ang kaniyang mahahalagang ambag sa panitikang Samarnon-Leytenhon. Iginawad sa kaniya noong sentenaryo ng kalayaan ng Pilipinas ang Gawad Bonifacio sa Panitikan kabilang ang iba pang tagapagtaguyod ng panitikang Pilipino sa mga rehiyon na sina Amado V. Hernandez, Vicente Sotto, Sr. at Leon Pichay (Villas, 2014, p.19). Sa pagdiriwang naman ng Buwan ng Pamana noong 2007, kinilala ng Pamahalaang Lalawigan ng Leyte ang kaniyang kontribusyon sa pagsibol at pagyabong ng panitikang Waray sa simula ng Siglo 20 (Villas, 2014, p.19). Nararapat lamang na pag-ukulan ng panahon sa papel na ito na suriin ang kaniyang mga akda upang tuklasin ang talinghaga ng panahong saklaw ng pag-aaral. Ang panahon at espasyong pinag-uukulang suriin at unawain sa papel na ito ay tiyak na nahagip sa malikhaing imahinasyon ni Lucente. Sa patuloy na pag-aaral sa kaniyang mga *siday*, patuloy rin nating kikilalanin ang kaniyang mga likha bilang hanguan ng kaalaman

tungkol sa ating kasaysayan at ng mga pagpapahalagang nararapat na isabuhay ng bagong henerasyon ng mga Waray.

Ang Lipunang Waray sa Unang Dekada ng Siglo 20

Matapos ang mahabang panahon ng pananakop ng mga Espanyol, nakatamasa ang mga Pilipino ng panandaliang biyaya ng paglaya. Subalit sa kabila ng pag-aalay ng dugo at pawis ng mga katipunero para sa bayan (marami pa sa kanila’y nagbuwis ng buhay), naganap sa kabilang banda ang pakikipag-ugnayan ni Hen. Emilio Aguinaldo sa mga Amerikano na naging daan upang tuluyang ukupahin ang bansa. Sa pangiangalam ng mga Amerikano sa pakikipaglaban ng mga Pilipino laban sa mga Espanyol, naipagtagumpay nito ang pagkamit ng kalayaan. Dahil dito’y malugod na tinanggap ng mga Pilipino⁵ ang mga Amerikano noong kalagitnaang bahagi ng 1898 bilang pagkilala sa kanilang pagpapalaya sa bansa (Ileto, 2005, p.219). Kay Aguinaldo, nararapat na tumanaw ng utang na loob ang mga Pilipino sa mga Amerikano. Sa kaniyang mga manipesto, ipinahayag niya na “*whenever you see the American flag, bear in mind that they are redeemers*” (Taylor, 1971, p.522). Ito ang naging simula sa layuning pagkontrol ng mga Amerikano sa Pilipinas hindi lamang upang bawiin ito sa pananamantala ng mga Espanyol kundi sa ekonomiko at estratehikong dahilan (Ileto, 2005, p.220). Naging malinaw kung gayon ang kanilang pakay sa pananakop: una, ang kanilang mataas na ambisyong maging makapangyarihan sa mundo; pangalawa, pag-akses sa mga likas na yaman sa hangaring mapaingting ang kapitalismo; at pangatlo, isakatuparan ang tungkuling gawing sibilisado ang mga mamamayan sa nasakop na teritoryo (Pertierra & Ugarte, 2002, p.192). Sa pangatlo nauukol ang kanilang maliit na pagtingin sa mga Pilipino bilang hindi sibilisado at mayroong malaking pangangailangan ng kanilang pamamahala upang maiangat ang antas (sa istandard ng mga mananakop) ng kanilang pamumuhay. Naihayag ni Lucente ang kaniyang kalungkutan dahil sa pagkakabuyo ng mga Pilipino sa ipinangakong kaginhawaan na mababakas sa isang saknong ng kaniyang *siday* na “*Pag Bangon, Pepe*” (Bumangon, Pepe!) (Nabong-Cabardo et al., 2014, p.78-79):

*Ini kami nalilibutan hin mga mag-awaanon,
Ngan sakang han kauripon am guin pipinas-anon.
Matugot kaba, Rizal, nga an Filipinas sibaron:
Makusat ha pandugan hin usa nga agaron?*

Narito kami napapaligiran ng mga naiinggit
At nakatali sa pagkaalipin na aming pinapasan

5 Karamihan sa mga Pilipinong ito’y mga elit o nagmula sa mayayamang pamilya at pinangakuan ng porteksiyon ni Pangulong William McKinley (Tingnan kay Dioko, “Benevolent Assimilation and Filipino Responses,” p. 75).

Papayag ka ba, Rizal, na ang Filipinas lamunin,
Madurog sa bilangguan ng isang amo?
(Salin ni Kalayaan N. Cabardo)

Nakulong ang mga Pilipino sa kamay ng mga tinawag ni Lucente na “amo.” Unti-unting ipinakita ng mga puti ang tunay nilang kulay at sinimulan ang kanilang mapagsamantalang pakay sa mga tinawag nilang “*little Americans*” o “*brown Americans.*” Simula 1898 hanggang 1899, pinamahalaan ng mga Amerikano ang bansa sa kabila ng mahigpit na pagtutol ng maraming Pilipino. Noong Pebrero 4, 1899, biglaang inatake ng puwersang Amerikano ang mga mandirigmang Pilipino bilang hudyat ng kanilang okupasyon sa bansa (Santos & Lagos, 2004, p.91). Sa unang bahagi ng digmaang Pilipino-Amerikano, nagawa ng mga dayuhang kontrolin ang mga pangunahing puwersang pangdepensa ng mga Pilipino sa gitna at hilagang Luzon at sumunod sa timog Luzon at Bisayas (Ileto, 2005, p.220). Naging madugo ang pagpasok ng mga Amerikano sa bansa. Sa paglalarawan ni Diokno (2002, p.75), “...*the hand of American friendship became stained with blood of irreconcilable Filipinos (another distinctly American term) in a brutal two-year war, the first war of national liberation in Asia.*” Maraming mga Pilipino ang umanib sa bagong kaayusang dala ng mga bagong mananakop ngunit marami rin naman ang hindi nagpakabig sa pakunwaring pakikipagkaibigan at mas piniling umakyat sa kabundukan upang ipagpatuloy ang paghahangad ng ganap na kalayaan. Dahil dito’y pinaigting ng mga Amerikano ang kanilang kampanya sa pagsupil sa mga rebolusyonaryong tinawag nilang mga “*bandido*” o “*milenaryan*” dahil sa pagsang-ayon o pagkakaugnay ng kanilang mga hangarin at ideolohiya sa pagbubuo ng bansa. Sa panahong ito naisatitik ang mga akdang nagpapahayag ng pagmamahal sa bayan dahil sa pagkauhaw na matamasa ang matagal nang inaasam-asam na kalayaan. Subalit dahil sa pagdating ng bagong mga mananakop ang hinahangad na ganap na paglaya mula sa pagkakagapos ay naglahong bigla. Mababakas ang damdaming-bayang ito sa mga akdang tulad ng “Isang Alaala ng Aking Bayan” ni Dr. Jose Rizal, “Pag-ibig sa Tinubuang Lupa” ni Andres Bonifacio, at “Isang Tula sa Bayan” ni Marcelo H. del Pilar. Naisulat naman ni Lucente ang “Pilipinas” na may tema rin ng nasyonalismo (Polo, 1994, p.36-37):

*Say tuna ko an Pilipinas
Ngan amo an ak hinigugma,
Bisan ngain gad pagdad-a manta
Hinin kapalaran, hirayo ig-ahas
Akon hiya ikahihidlaw
Ngan paghingyap ko buhi guihapon
Nga masirak gad an iya Adlaw
Nga ha kasingkasing tanum.*

Pilipinas, Lupa kong Tinubuan
Siyang aking minamahal

Saan man ipadpad
Nitong kapalaran, gaano man kalayo
Siya'y aking ikapapanglaw
Mithi ko ang kaniyang maayang pagkabuhay
Ang tuluyang pagsikat sa aking puso
Ng kaniyang araw.
(Salin sa wikang Filipino ni Jaime Biron Polo)

Ginamit ng mga dakilang manunulat ang kanilang talino at kasiningan upang gisingin ang natutulog na diwa ng mga Pilipino. Sa pamamgitan ng kanilang mga akda sumigla ang kanilang pag-ibig sa tinubuang lupa at naging inspirasyon ng iba na ipagpatuloy ang pakikipaglaban para sa kalayaan. Subalit may ibang mga Pilipinong pinairal ang pansariling interes, sumuko, at nakipag-alyansa sa mga mananakop. Sa pagsuko ni Aguinaldo, sumunod din sa kaniya ang iba pang mga lider at miyembro ng hukbong kaniyang pinamunuan at matapos na siya'y mabihag ay hiniling sa mga mamamayan na sumuko (Santos & Lagos, 2004, 93). Sa Samar at Leyte, ilang mga kilusang pinamumunuan ng mga elit ang nakipagkasundo rin sa mga Amerikano. Subalit, isa sa kaniyang mga miyembro, si Vicente Lukban, na namuno ng pag-aaklas sa Bikol ay tumuloy sa Samar noong 1898 kasama ang 200 mga rebolusyonaryo mula sa Luzon (karamihan ay nagmula sa Bikol) upang makipagsanib-puwersa sa mga Pulahan o Pulahanes (Santos & Lagos, 2004, p.93). Sa Silangang Bisayas, ang mga Pulahanes ang naging malaking hadlang sa mga Amerikano sa pagpapalaganap ng impluwensiya sa rehiyon. Sa pagdating ni Lukban sa Catbalogan, Samar noong Disyembre 31, 1898, agad niyang sinimulan ang paghahanda sa hukbo sa isla sa pamamagitan ng pagtatalaga ng mga pinuno ng mga pangkat sa hilaga, kanluran at timog na bahagi ng Samar at ang pagtatayo ng mga kampong magsisilbing sanayan ng mga mandirigma at bodega ng mga armas (Santos & Lagos, 2004, p.93).

Naramdaman sa Samar at Leyte ang hagupit ng puwersang Amerikano nang kanilang okupahin ang mga isla noong Pebrero 1, 1900 at sinimulan ang pagtatayo ng pamahalaang militar sa probinsiya (Vilches, 1982, 62). Unti-unti nilang nasupil ang puwersang Pilipino sa Tacloban. Umabot pa ng isang taon ang pakikipaglaban ng mga Leytenhon sa ilalim ng pamumuno ni Koronel Florentino Peñaranda bago sila tuluyang sumuko (Nabong-Cabardo et al., 2014, p.11). Nagtayo sila ng palimbagan upang idaan sa paggawa ng mga polyeto ang paghikayat sa mga natitirang rebolusyonaryong puwersa na sumuko upang magkaroon ng kapayapaan (Nabong-Cabardo et al., 2014, p.11). Bago pa man maganap ito, nauna nang naramdaman ng mga Samarnon ang lakas ng puwersang Amerikano nang kanilang bombahin ang Catbalogan dahil sa hindi pagsuko ni Lukban (Santos & Lagos, 2014, 94). Dahil sa pagkasunog ng mga kabahayan sa nasabing bayan, maraming mamamayan ang nagsiakyat sa kabundukan at doon nagtatag ng kilusang gerilya. Ang kanilang pakikidigma ay nagdulot ng pagkasawi ng maraming sundalong Amerikano at dahilan upang makilala ang Samar bilang *“hottest spot of the war”* at *“one of the few centers of success of the Philippine Revolutionary Government.”* Ang mga

pangyayaring ito ay mababakas sa isang saknong ng *siday* ni Lucente na pinamagatang “*Pag Bangon Pepe!*” (Bumangon Ka, Pepe!) (Polo, 1994, p.36-37):

*Waray pa gad kabug-os an am kahimayaan
Nga an tuman nasalidsid nga imo binayaan
Buhat, pag bangon anay dida ha imo lubnganan
Kadi-a kami panubsa han amon kakurian.*

Hindi pa lubusan ang aming kaligayahan
Noo’y muntik mo na yatang mapabayaan.
Bumangon ka! Bumangon ka mula sa libingan
Iligtas mo kami sa aming kahirapan.
(Salin sa wikang Filipino ni Jaime Biron Polo)

Si Pepe, palayaw ni Dr. Jose Rizal, ang imahen ng pakikipaglaban sa kalayaan na ginamit ng makata dahil sa pagkakapareho ng kanilang katayuan at paraan ng pagpapahayag ng pagmamahal sa bayan. Kinakausap ng persona si Pepe upang ipahayag ang kaniyang pighati dahil sa sinapit ng bansa ilang taon matapos na siya’y parusahan ng kamatayan ng mga Espanyol. Mahihiwatigan ang labis na pagsusumamo ng tinig ng persona sa tula kay Rizal na bumangon mula sa libingan dahil sa kaniya’y ang kabayanihang ipinamalas nito ang tanging makapagsasalba sa tinatamang kahirapan. Subalit malayong-malayo pa nga sa hinahangad na “*kahimayaan*” o “*kaghinawaan*” ang kalagayan ng bansa lalo na sa Samar at Leyte dahil sa pagsiklab ng maraming pag-aaklas sa iba’t ibang bahagi ng rehiyon.

Nakalaspang ng labis na pagmamalupit ang mga taga-Balangiga, Samar mula sa tropang Amerikano sa mga parusang ipinapataw sa mga lalaking hindi sumusunod sa mga ipinag-uutos ng mga sundalo at ang mga kababaihan nama’y nakaranas ng pambabastos at panggagahasa. Ang ibang napararatangang tumutulong sa mga *insurrecto* ay dumaraan sa pagpapahirap tulad ng *water cure* na kadalasa’y maruming tubig ang ginagamit (Santos & Lagos, 2014, 96). Dahil sa labis na opresyong dinanas ng mga Balangigan-on, pinagplanuhan nila ang kanilang pag-atake sa mga dayuhang sundalo sa pangunguna ni Valeriano Abanador, Pedro Abayan, Eugenio Daza, Andronino Balalis, Mariano Valdemor, Evangelista Sabornes at Pedro Duran (Santos & Lagos, 2014, p.97). Matagumpay na naisagawa ang plano laban sa mga Amerikano noong Setyembre 28, 1901 na detalyadong binalangkas nina Santos at Lagos sa kanilang “*The Untold People’s History: Samar Philippines*”:

At around five in the morning, the seventh unit dressed as women devotees of the Archangel to mask the evacuation of women walked to the church. An hour later, veiled women trooped to the plaza, carrying bamboo tubes that they pretended contained water for the prisoners but which contained bolos and daggers instead. Soon after, while the soldiers were eating breakfast, church bells

rang out, together with the booming sound of conch shells blown. The men in women's clothes rushed out of the church with their bolos and attacked the main barracks and the kitchen. To trap the soldiers inside the tent in the kitchen, the revolutionaries cut the ropes and hacked the soldiers within. [Captain Thomas] Connell tried to escape by jumping from his window into the street but pursuing bolo-weilders cut him down. Bolomen succeeded in preventing the soldiers in the main barracks from getting hold of the rifles. Only when Private Adolph Gamlin succeeded in firing his rifle and killing many Filipino attackers, did the raiders decide to wind up the operation. They retrieved and confiscated 57 rifles, 25,000 rounds of ammunition, some files, American Mauseurs, and sabers. But already, the assault had inflicted the greatest damage to American forces in terms of casualties in a single operation, 48 killed according to the count of the Balangiga Research Group.

Isa ito sa pinakamatagumpay na operasyon ng puwersang Pilipino laban sa mga Amerikano sa Samar at Leyte. Nauna na ring nagtagumpay ang mga gerilya sa Borongan, Samar noong Marso 15, 1900 at ang itinuring nilang pinakamalaking pagkapanalo laban sa mga Amerikano ay ang kanilang pag-atake sa garison na binubuo ng 37 sundalo ng 43rd US Volunteers (Santos & Lagos, 2014, p.94). 31 sundalo sa hanay ng mga Amerikano ang namatay sa engkuwentro na nasundan pa ng maraming tagumpay sa mga bayan ng San Jose, Laoang, Catarman, Matuguinao, Sulat at Catubig (Santos & Lagos, 2014, 94). Naging kalamangan nila ang kanilang kasanayan sa paglalayag kontra sa modernong pamamaraan ng pakikipaglaban ng mga Amerikano. Mas matinding pag-atake pa ang naganap sa Gandara, Samar isang buwan matapos ang naganap sa Balangiga na ikinamatay ng 11 sundalong Amerikano (Santos & Lagos, 2014, 99). Noong Disyembre 10, 1901 naman binomba ng nasa 100 hukbong Waray ang pangkat ng Company E, 9th Infantry sa Dapdap. Tila tumugon ang mga Pilipinong mandirigma sa hamon ni Lucente kay Rizal kung hahayaan na lamang bang maapi ng mga dayuhan ang sariling bayan sa isa pang saknong ng *siday* na "*Pag Bangon, Pepe!*" Ang pagbulalas ng damdaming makabayan ang nagbunsod upang ialay ang kanilang dugo, pawis, at buhay para sa kalayaan, ang kanilang tugon sa mga linyang ito:

*lin kami nalilibutan hin mga mag-awaanon
Ngan sakang han kauripon am guin pipinas-anon
Matugot ka ba, Rizal, nga an Filipinas sibaron;
Makusat ha pandugan hin usa nga agaron?*

Mga mananakop nasa ating kapaligiran
At pagkaalipi'y matagal nang pinapasan
O, Rizal, kapalarang ito'y iyo bang hahayaan?
Pilipinas sa kandungan ng makapangyarihan?
(Salin ni Jaime Biron Polo)

Sa sunod-sunod na mga pag-atakung ito, lalo na ang naging epekto ng engkuwentro sa Balangiga sa mga Amerikano, ang nagbunsod upang buoin ni Major General Adna Chaffee ang espesyal na yunit na tinawag niyang Sixth Separate Brigade sa ilalim ni Brigadier General Jacob Smith (Santos & Lagos, 2014, 100). Kasama sa binuong hukbong ito ang pangkat na pinamumunuan ni Major Littleton Waller na nang dumating sa Samar noong Oktubre 23, 1901 ay nakatanggap ng kautusan mula kay Smith na gawing “*a howling wilderness*” ang lugar (Santos & Lagos, 2014, p.100). Ipinag-utos niya ang pagpaslang sa mga mamamayan na may edad 10 pataas. Pagdidiin ni Smith (nasa Santos & Lagos, 2014, p.100-101):

I want no prisoners. I wish you to kill and burn. The more you kill and burn the better you will please me. I want all prisoners capable of bearing arms against the United States killed.

Tumagal pa hanggang 1907 ang sagupaang Pilipino-Amerikano (o ng mga Waray laban sa mga Amerikano) sa Samar at Leyte. Sa unang dekada ng Siglo 20 ay tila hindi nakaaninag ang mga Waray ng liwanag maliban sa mga nakatatanggap ng proteksiyon mula sa pamahalaang Amerikano. Sa mga pananalita ni lleto (2005, p.223):

The decade and a half after the formal end of the Filipino-American War in 1902 is, in fact, one of the most fascinating in Philippine history owing to the many “illicit” forms of that memories of the revolution and continued resistance to U. S. occupation took. This was the age of armed, militias, body warriors, kidnapping, assassinations, and point operations in the Philippines between American soldiers and newly trained native police.

Nagdulot din ng pagkakawatak-watak ng lipunang Waray ang mga pangyayaring ito sa pagitan ng mga nanatili sa kapatagan o baybayin at sumunod sa mga polisiyang ipinatupad ng mga Amerikano (karamihan sa mga ito ay mga Kristiyano o Katoliko) at ng mga taong piniling humiwalay sa mga pamayanan o nagtungo sa kabundukan upang ipagpatuloy ang pakikibaka laban sa mga dayuhan (sila naman ang sinasabing mga di-Kristiyano). Ang una’y mga Pilipino o mga Waray na napaniwala sa alok na pagbabago at modernisasyon ay naging kakampi at pinangakuan ng kaginhawaan, samantalang ang mga nagpatuloy sa pagtatanggol sa minanang tradisyon ay tinanggalan ng karapatan at patuloy na sinupil. Nagpadala ang marami sa ipinangakong kapangyarihan o salapi dahil sa pag-aakalang magtatamasa ng katiwasayan. Subalit, iginawad lamang sa iilang mga lugar ang kayamanang dala tulad ng mga lungsod o sentro at napabayaan naman ang mga malilit na nayon o mga liblib na lugar. Ito ang naiukol na kaisipan ni Lucente sa isang saknong ng kaniyang *siday* na “Salapi” (Nabong-Cabardo et al., p.46-49):

*Salapi: amo ikaw gud an ihurogay
Pag buyo hadton karuyag paglinguon
Kay matam-is an taguinting; an imu gay*

*Garamiton pagliaw han mabiduon.
Mga bahandi tungod ha imo nadukwag,
May mga bungto nga tinagan mo hin pag-ugwag,
Kondi ha gudti, ha kabus nga mga nayon
Mabangis ka humatag hin kamatayan!*

Salapi, ikaw ang tukso
Buyo ng manlilinlang
Matamis ang pangako ng iyong mga haplos
Pang-aliw na nalulungkot,
Dahil sa iyo kayamanan ang adhikain,
May mga nayong binigyan mo ng kaunlaran,
Ngunit sa mga maliliit at mga mahirap na nayon
Mabagsik kapang magpataw ng kamatayan!
(Salin ni Kalayaan N. Cabardo)

Ayon kay Sugbo (1995, 4), “[n]ailuwal ang kilusang ito ng kumplikadong pagtatagpo ng ‘tradisyon’ at ‘modernisasyon’ sa rehiyon.” Gagamitin ang tunggalian upang tuluyang masira ang pagkakabuo ng bayan: *taga-sawang* (tagalungsod, tagabayan o nasa kapatagan) laban sa tagabukid (tagabundok), sentro laban sa di-sentro, edukado laban sa mangmang (walang edukasyon), at Kristiyano laban sa di-Kristiyano. Sa magkaibang pagtrato sa kanila ng mga mananakop, nagkaroon din ng magkaibang pagtingin ang dalawang magkatunggaling panig sa isa’t isa. Dahil sa klasipikasyong ito, itinuring ngayon ng kaniyang kapuwa Pilipino na di-kakampi o di-kapanalig o iba sa kanila ang nasa kabilang pangkat. Pagdidiin nina Pertierra at Ugarte (2002, p.196), “[t]he American classification of Filipinos into Christians, non-Christians...exacerbated the problem by providing an ethnic basis for local differences.” Dagdag pa nila, “...this politicization of ethnicity (o ng pagkakaiba-iba) has compounded the difficulty of achieving a Philippine national consciousness.” Nagkaroon ng malaking agwat sa pagkakaiba ng pananaw o pagharaya sa bansa o pambansang pagkakakilanlan ang dalawang pangkat. Ang pagkakahating ito ang tinawag ni Salazar (2007, p.15) na “Dambuhalang Pagkakahating Pangkalinangan” na sa kalauna’y naging tunggaliang masa laban sa elit, sibilisado laban sa di-sibilisado, “*elite nationalism*” laban sa “*ethno-nationalism*.” Ang pagkadismaya sa naging proyekto ng mga dayuhan sa bansa ay mababakas sa saknong na ito ng *siday* na “*Panhayhay*” (Hinagpis) ni Lucente:

*Hadto imo ako guinsaaran
Saad nga sugad hin inop
Budhi nga waray pagtuman
Hadton guinlalauman.*

Pinangakuan mo ako
Pangakong parang panaginip

Nalinlang dahil sa hindi pagtupad
Sa biyayang inaasahan.
(Salin sa wikang Filipino ng mananaliksik)

Ang pangakong “*benevolent assimilation*” at pakikipagkaibigan ng mga Amerikano sa mga Pilipino ay nagdulot ng matinding kanser sa lipunan lalo na sa mga Waray na imbes na magkaroon ng pagkakabuo ay tuluyan pang pinaglayo-layo sa isa’t isa. Nagbigay ito ng magkaibang direksiyon sa pag-aasam na magkaroon ng nagkakaisa o nagkakabuklod-buklod na mamamayan tungo sa pagtatatag ng iisang bansa o bayan. Sa mahabang panahon, lagi nating maitatanong kung bakit hanggang sa kasalukuyan ay hindi matapos-tapos ang usapin tungkol sa diskriminasyon sa mga pangkat-etniko, kung bakit laging ginagawang katatawanan ang mga Bisaya sa mga pelikula o teleserye sa telebisyon, kung bakit ang pamantayan ng simbahang Katoliko ang umiiral sa kahit anong sitwasyon o pagkakataon, kung bakit hindi matuldukan ang hidwaan ng mga Muslim at ng mga Kristiyano, at marami pang iba. Kung baga sa isang sakit, hindi lamang malulunas sa isang simpleng gamutan ito. Maaaring wala na rin itong lunas o kung mayroon man matagal na proseso ng pagbabago ang hahantungan.

Sa panahon ding ito lumitaw ang isang mahalagang pakay ng mga Amerikano sa mga Pilipino, ang matinding pangangakapital gamit ang mga yamang nakukuha sa kapuluan. Ito, ayon kay Rodriguez (2010, p.5) ang isa sa mga pangunahing imperyalistkong interes sa pagsasagawa ng mga pananaliksik ng mga Amerikano sa bansa sa unang dekada ng Siglo 20, ang layuning komersiyal o ekonomiko (ang dalawa pa ay ang layuning akademiko at politikal). Sa pamamagitan ng Doktrinang Regalian, Organic Act o Philippine Bill noong 1902 at ang Public Land Act noong 1903, kinamkam at nakapagpatitulo ang ilang mayayamang pamilya sa ilang malalawak na lupain sa bansa. Ginamit ito upang mas lalo pang mag-angkin ng kapangyarihan at mga salapi ang mga mayayamang pamilya dahil sa kanilang ipatatayong mga negosyo tulad ng pagtatanim ng mga produktong iaangkat sa Amerika at iba’y gagamitin sa pagmimina ng ginto at iba pang likas-yaman. Pumasok din sa bansa ang mga pribadong korporasyon, komersiyalisasyon sa agrikultura, pag-uugnay ng lokal na ekonomiya sa pambansang pamilihan, paglulunsad ng *social engineering* sa imprastraktura, edukasyon, relihiyon, at kaisipan (Boquiren, 1999, p.166) na nagsamantala sa likas yaman sa bansa. Binasag nito ang sistemang pangkabuhayan ng mga Pilipino dahil sa pagtaas ng presyo ng mga bilihin at ang pagpapalakas sa puwersa ng paggawa na may kapalit na mababang halaga. Ang kalagayang ito sa bansa ay nailalahad sa isang saknong ng *siday* na “Salapi” ni Lucente (Nabong-Cabardo et al., 2014, p.46-47):

*Amo ikaw an Diyos ha kalibutan,
Ha kalibutan nga malimbong ngan bungalos,
Hin mga Judas ikaw na lilibutan
Kay ha ira kamaglingo may im balos.
Tungod kay tuman in damo nga kalipayan,*

*Bisan timbangan hin hukom nadulayday...
Salapi nga tuboran ka han kaupayan
Kondi anak man nga subo han manunulay!*

Ikaw ang Diyos sa mundo
Mundong mapanlinlang at walang katapatan,
Pinanaigan ng mga Hudás.
Sa kanilang kasamaan, ganti mo ang
Bigay na nag-uumapaw na kasiyahan.
Naiinggit maging timbangan ng katarungan...
Kayamanang dala ng kabutihan
Anak na sugo din ng kasamaan!
(Salin ni Kalayaan N. Cabardo)

Ito ang mga pangyayaring nagbigay kulay sa unang yugto ng siglo 20 partikular sa mga taong 1900 hanggang 1910 sa kalibutang Waray. Saklaw rin sa pagbabalik-tanaw sa bahaging ito ng kasaysayan ang mga kaganapang pambansa na may kaugnayan o epekto sa lokal na kaayusan ng lipunan tulad ng mga batas o mga polisiyang ipinatupad ng gobyernong kolonyal. Bagamat marami pang pangyayaring dapat na bigyan ng tuon sa pagsipat sa kasaysayan ng mga Waray, natatakdaan lamang ito ng mga kaisipang mahuhugot sa mga siday ni Lucente na naisulat din sa naturang panahon.

Ugnayan ng Panitikan at Kasaysayan

Magkaugnay na magkaugnay ang panitikan at kasaysayan. Mababakas sa mga akdang pampanitikan tulad ng mga *siday* ang damdaming-bayang tulak ng karanasan ng isang makata o sinumang lumilikha ng akda sa panahon at espasyong kaniyang iniralan. Saksi ang makata o ang isang *paragsiday* sa kasaysayan sapagkat napaghahabi-habi niya ang mga pangyayari sa malikhaing pamamaraan. Katulad ng mga *siday* ni Lucente na itinampok kung paanong binago ng mga dayuhan ang kaayusan sa lipunang Waray. Nailarawan ang kasamaang naidulot ng mga Amerikano sa pagkatao ng mga Samarnon at Leytenhon katulad ng paggamit sa dahas upang supilin ang puwersang hadlang sa kanilang pagpapalaganap ng impluwensiya, ang pagpapairal ng salapi upang kabigin sa kanilang hanay ang ilang Pilipino, at ang paghati sa lipunan upang wasakin ang ugnayan ng ilang Pilipino sa kanilang kapwa. Naisasaad ni Mojares (2003, w.p.), “[a]ny literary text is a point or entry into a historical world.” Pagsasalungguhit naman ni San Juan (1971, 4), “all human action --- art and literature included --- participates in the totality of the historical process.” Ang mga pangyayari, malaki man o maliit ay mapagsasalukan ng kaalaman tungkol sa naganap o umiral sa isang partikular na panahon. Kung kaya, kahit ang mga pagsasalaysay sa mga akdang pampanitikan ay maaaring pagbatisan ng ating kasaysayan. May saysay ang mga damdaming-bayang taglay nito sapagkat dito mahihiwatigan ang tinig ng kanilang pakikibaka sa panahong nalambungan ang bayan ng lakas ng mga mananakop

tulad ng mga Amerikano. Ang mga akdang pampanitikan ay katimbang lamang ng mga *artifact* o ng mga dokumentong ginagamit bilang ebidensiyang pangkasaysayan sapagkat hulma ito ng karanasan ng mga taong saksi sa pangyayari sa lipunan.

Sa pamamagitan din nito, nailalahok natin ang lokal na kaalaman, panitikan man o kasaysayan, sa usapin ng pambansang panitikan at pambansang kasaysayan. Nakapag-aambag ang panitikan sa mga rehiyon o lalawigan tulad ng mga *siday* sa pagbubuo sa mas malawak na saklaw ng ating kaakuhan bilang mga Pilipino. Idinidiin ni Almario (2010, p.89) ang ganitong kaisipan, aniya, “...ang anumang sangkap mula sa lalawigan o rehiyon ay mistulang butil ng sustansiyang nagdudulot ng panibagong lakas sa pambansa.” Nagiging durungawan ang mga akdang ito sa kulturang mayroon ang mga Pilipino sa ibang panig ng bansa tulad ng mga Waray. Sa matagal na panahon, laging nakatuon ang pagkakakilanlang Pilipino sa kung ano ang kulturang taglay sa mga sentro o lungsod. Naisasantabi ang mayaman pang tradisyon o kaugalian na mayroon sa ibang mga lugar kaya hindi nabibigyang espasyo ang mga pagkakakilanlang Ilokano, Bikolano, Hiligaynon, Muslim, Waray at maging ang mga katutubong pangkat sa bansa. Ganoon din sa kasaysayan, hindi natin nakikilala ang mga bayaning nagbuwis din ng kanilang buhay upang ipaglaban ang kanilang mga rehiyon o lalawigan laban sa mga mapagsamantalang mananakop. Hindi natin napahahalagahan ang kanilang malaking kontribusyon sa pagkamit ng katimawaan sapagkat ang naituturo lamang sa mga eskuwelahan at naililimbag sa mga babasahin at tekstbuk ay ang matagal nang mga kilalang pangyayari at mga bayani. Sa ugnayang panitikan at kasaysayan, nagkakaroon ng mas malawak na saklaw ang usaping pambansa dahil napaghahalawan natin ng kaisipan ang mga akdang pampanitikan.

KONKLUSYON

Nagtataglay ang mga akdang pampanitikan tulad ng mga *siday* ng bisa upang matunghayan natin sa pamamagitan ng mga salita ang mga pangyayaring bumago sa ating pagkatao bilang mga Waray at bilang mga Pilipino sa kabuoan. Naglalaman ang bawat linya o mga saknong ng talinghaga ng isang panahon kaya makabuluhan ang pag-uugnay sa mga ito sa pagsulat o pagbibigay ng interpretasyon ng kasaysayan. Napatutunayan ito ng mga akdang *siday* ni Lucente. Mapalad ang mga taga-Samar at Leyte dahil sa isang henyong nagsatitik sa mga pangyayari sa kaniyang panahon sa malikhaing pamamaraan. Hanggang sa kasalukuyan, ibinubunyag nito ang mga katotohanang naganap sa pananakop ng mga Amerikano sa bansa. Nasisilaw tayo hanggang sa kasalukuyan sa mga naging impluwensiya sa atin ng mga mananakop, subalit malaki sa ating pagkatao bilang mga Waray at bilang mga Pilipino ang nawala dahil sa pagkakawatak-watak ng ating damdamin at paniniwala na makikita natin sa ating pakikitungo sa ating kapuwa Pilipino hanggang sa kasalukuyan. Ang unang dekada ng Siglo 20, ang masasabing ugat ng mga pagbabago sa lahing Pilipino, sa sentro man o sa mga rehiyon, sa ating kultura at sa ating pagkakakilanlan bilang isang bansa at mamamayan.

SANGGUNIAN

- Almario, Virgilio S. 2010. *Muling-pagkatha sa ating bansa: o bakit pinakamahabang tulay sa buong mundo ang tulay Calumpit*. Diliman, Quezon City: University of the Philippines Press.
- Alunan, Merlie. 2017. *Tinalunay: Hinugpong nga Panurat nga Winaray*. Quezon City: The University of the Philippines Press.
- Aurelio, Gemina. 1982. Selected Vernacular Writers of Leyte. *Nasa Kandabao: Essays on Waray Language, Literature, and Culture*, pat. Gregorio C. Luangco. Tacloban City: Divine Word University Publications.
- Bagulaya, Jose Duke S. 2006. *Writing literary history: mode of economic production and twentieth century Waray poetry*. Diliman, Quezon City: University of the Philippines Press.
- Borinaga, George Emmanuel. 2019. "Solidarity and crisis-derived identities in Samar and Leyte, Philippines, 1565 to Present." PhD diss., University of Hull.
<https://hydra.hull.ac.uk/resources/hull:17735>.
- Bagulaya, Jose Duke S. 2004. Satirizing Women: The Ilustrados and Women in Waray Poetry. *Journal of English Studies and Comparative Literature* 7, blg. 1: 110-127.
- Diokno, Maria Serena I. 2002. Benevolent Assimilation and Filipino Responses. *Nasa Mixed Blessings: The Impact of the American Colonial Experience on Politics and Society in the Philippines*, pat. Hazel M. McFerson, 75-88. Westport, Connecticut and London: Greenwood Press.
- Ileto, Reynaldo. 2005. Philippine Wars and the Politics of Memory. *Positions: East Asia cultures critique* 13, blg. 1: 215–235. Mandudula ng Silangang Kabisayaan.
- Mercurio, Phil Harold L. 2014. "Si Lucente Bilang Pinakatanyag na Mandudula ng Silangang Kabisayaan. *Nasa Mga retrato han akon bungto at iba pang akda* pat. Charo-Nabong Cabardo, Phil Harold L. Mercurio, Michael Carlo C. Villas, Kalayaan N. Cabardo, and Ma. Victoria Corrige- Casoy. Maynila: National Commission for Culture and the Arts.
- Mojares, Resil B. 2003. History in the Text. *Nasa Tinuha: History in Philippine literary text, pinatnugutan ni Victor N. Sugbo*, Maynila: National Commission for Culture and the Arts.

- Nabong- Cabardo, Charo. 2014. Iluminado Lucente: Prinsipe ng Tulang Liriko sa Leyte. Nasa *Mga retrato han akon bungto at iba pang akda* pat. Charo-Nabong Cabardo, Phil Harold L. Mercurio, Michael Carlo C. Villas, Kalayaan N. Cabardo, and Ma. Victoria Corrige- Casoy. Maynila: National Commission for Culture and the Arts.
- Nabong-Cabardo, Charo, et al. *Ani* 3, blg. 1: 128-129.
- Nibalvos, Ian Mark P. 2018a. "An mga siday han mga Samarnon ug Leytenhon: Identidad, kasaysayan, mga isyu, at kagalagayan nito sa kasalukuyan." *Malay* 31, blg. 1: 55-67. Nakuha noong Oktubre 2, 2020. <https://ejournals.ph/article.php?id=14200>.
- Pertierra, Raul and Eduardo F. Ugarte. 2002. American Rule in the Muslim South and the Philippine Hinterlands. Nasa *Mixed Blessings: The Impact of the American Colonial Experience on Politics and Society in the Philippines*, pat. Hazel M. McFerson, 191-208. Westport, Connecticut and London: Greenwood Press.
- Polo, Jaime Biron. 1994. *Panulaan at dulaang Leytenhon-Samarnon*. Quezon City: Ateneo de Manila, University Press
- Rodriguez, Mary Jane B. 2010. Reading a Colonial Bureau: The Politics of Cultural Investigation of the Non-Christian Filipinos. *Social Science Diliman* 6, blg. 1: 1-27.
- Salazar, Victoria. 1982. Iluminado Lucente. Nasa *Kandabao: Essays on Waray Language, Literature, and Culture*, pat. Gregorio C. Luangco. Tacloban City: Divine Word University Publications.
- Salazar, Zeus. 2007. Ang Pantayong Pananaw Bilang Diskursong Pangkabihasan. Nasa *Mga Babasahin sa Agham Panlipunang Pilipino: Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw*, pat. Atoy M. Navarro at Flordeliza Lagbao-Bolante, 102-130. Lungsod Quezon: C & E Publishing, Inc.
- San Juan, Epifanio. 1971. The radical tradition in Philippine literature. Quezon City: Manlapaz Publ.
- Santos, Ricco Alejandro M. at Bonifaio O. Lagos. 2004. *The Untold People's History: Samar Philippines*. Los Angeles, Caifornia: Sidelakes Press.
- Sugbo, Victor. 1995. "The Literature of Eastern Visayas." Nakuha noong Enero 2, 2022. <https://ncca.gov.ph/about-ncca-3/subcommissions/subcommission-on-the-arts-sca/literary-arts/the-literature-of-eastern-visayas/>.
- Sugbo, Victor N. 1995. *Tinipigan: an anthology of Waray literature*. Manila, Philippines: National Commission for Culture and the Arts.

Ugarte, Eduardo. 2003. "Gente Barbara": An Exploration of Spanish Nations of Identity in the Philippines, 1600-1700. The URCO Digest, Disyembre.

Vilches, Maria Luz. 1982. A Preliminary Survey of Waray Poetry. Nasa *Kandabao: Essays on Waray Language, Literature, and Culture*, pat. Gregorio C. Luangco, 46-76. Tacloban City: Divine Word University Publications.

Villas, Michael Carlo C. 2014. Iluminado Lucente Bilang/At ang Pambansang Panitikan. Nasa *Mga retrato han akon bungto at iba pang akda* pat. Charo-Nabong Cabardo, Phil Harold L. Mercurio, Michael Carlo C. Villas, Kalayaan N. Cabardo, and Ma. Victoria Corriges- Casoy. Maynila: National Commission for Culture and the Arts.

HINGGIL SA MAY AKDA

Si **IAN MARK P. NIBALVOS** ay guro ng Filipino ng Samar State University – Paranas Campus. Nakapagtapos siya ng masteradong kurso sa Filipino sa Pamantasang De La Salle – Dasmariñas at kasalukuyang kumukuha ng kursong Doktor ng Pilosopiya sa Araling Pilipinas sa Tri-College ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Isa siyang mananaliksik at tagasalin. Kabilang sa kaniyang mga interes sa pananaliksik ay mga paksang may kinalaman sa Panitikang Waray o Panitikan ng Pilipinas, kritisismong pampanitikan, kultura, identidad, at wika. Ang ilan sa kaniyang mga papel pananaliksik ay nailathala na sa iba't ibang journal tulad Malay ng De La Salle University, Hasaan: Ang Opisyal na Refereed Journal sa Filipino ng University of Santo Tomas, Scientia: The International Journal on the Liberal Arts ng San Beda University, Bannag: A Journal of Local Knowledge ng University of Saint Louis – Lungsod Tuguegarao, Dalumat E-Journal ng Networked Learning PH at Social Science Diliman ng Unibersidad ng Pilipinas. Naging bahagi siya ng proyektong "Wow Filipino" ng Vibal Publishing, serye ng teksbuk sa Filipino para sa Junior High School. Napabilang din siya bilang research fellow sa 2nd International Writing Fellowship for Social Health Studies ng Research Center for Social Sciences and Education 2020 ng UST, Nagoya University & Access Health International; PALIHAN: PSLLF-Kawing Journal Writeshop 2021 ng Pambansang Samahan sa Lingguwistika at Literaturang Filipino, Ink (PSLLF); at Linang Kasaysayan 2021: PHA Local History Writing Workshop ng Philippine Historical Association. Nagkamit siya ng karangalan bilang Pinakamahusay na Presentasyon ng Papel Pananaliksik sa Klaster ng Pagsusuri ng Panitikan sa Pambansang Seminar-Workshop 2021 ng De La Salle University at itinanghal din bilang Best Paper Presenter sa Unang Pambansang Kumperensiya sa Buwan ng Panitikan 2022 ng Leyte Normal University.